MINISTRY OF EDUCATION
TE TĀHUHU O TE MĀTAURANGA

Digital Technologies & Hangarau Matihiko

Ang mga kailangang malaman ng **magulang** at **whānau**, **komunidad** at **iwi**

Pagpapalakas ng New Zealand Curriculum at Te Marautanga o Aotearoa sa 2018

BINABAGONG-ANYO NG DIGITAL TECHNOLOGIES KUNG PAANO TAYO MAMUHAY – HINUHUBOG ANG ATING MGA TAHANAN AT ATING MGA LUGAR NA PINAGTATRABAHUHAN, AT BINABAGO KUNG PAANO TAYO MAKISALIMUHA SA BAWAT ISA AT MABUHAY SA ATING PANG-ARAW-ARAW NA PAMUMUHAY.

Mabilis na nagbabago ang teknolohiya at umuunlad at bumabagay ang sistema ng ating edukasyon kasama nito. Nagbabago tayo kung paano natin binibigyan ng kagamitan ang ating mga anak at kabataan upang lumahok, lumikha, at magtagumpay sa mabilis-magbagong digital na mundo na ito.

Ano ang Digital Technologies & Hangarau Matihiko (DT & HM)?

Ang Digital Technologies & Hangarau Matihiko ay tungkol sa pagtuturo sa ating tamariki at mga anak kung paano gumagana ang digital technologies, at kung paano nila magagamit ang kaalamang iyon para lumutas ng mga problema.

Sa sandaling mapasimulan na ang bagong aralin na ito, hindi lang gagamit ang ating mga anak ng mga aparato tulad ng mga computer at smart phones. Ang binagong curriculum ay mangangahulugang tuturuan ng mga paaralan ang ating kabataan sa mga prinsipyo ng computer science na basehan ng lahat ng digital technologies.

Mabebenepisyuhan ang iyong anak sa pagtatamo ng mga kasanayan sa makabagong pag-iisip na ito.

Nilalaman ng curriculum ng Digital Technologies & Hangarau Matihiko hanggang sa takdang panahon ng pagpapatupad

Ano ang magbabago para sa aking anak?

Ang pagsasama sa pag-aaral ng digital technologies ay pasisimulan sa lahat ng estudyante mula sa Year 1 hanggang Year 13 (mga edad 5 hanggang halos 14). Maaaring magpakadalubhasa ang mga estudyante sa larangang ito mula Year 11 hanggang Year 13. Maaaring magamit ang mga pamantayan ng tagumpay ng NCEA Level 1 sa 2018. Magagamit ang mga Level 2 at 3 sa 2019.

Karamihan sa guro at kaiako, paaralan, kura at Kāhui Ako ay ginagawa ng bahagi ang pag-aaral ng digital technologies sa kanilang mga programa ng pagtuturo. Tinitiyak ng mga pagbabagong ito na makukuha ng lahat ng estudyante ang mga karanasang ito, para ihanda sila sa isang mundo kung saan ang digital na kasanayan ay patuloy na nagiging mahalaga sa ekonomiya at mas malawak na lipunan.

Alamin ang higit pa at makipag-ugnayan:

digi.tech@education.govt.nz

education.govt.nz/digitech

@EducationGovtNZ

www.facebook.com/EducationGovtNZ/

Pagpapakilala sa Progress Outcomes

Para matiyak na mayroong masaganang mga karanasang pag-aaral ang ating mga mag-aaral sa Digital Technologies dapat magkaloob ang curriculum nang malinaw at nararating na mga inaasahan sa kung ano ang matututunan ng mga estudyante.

Malinaw na ipinaliliwanag ng Progress Outcome ang mahahalagang hakbang na ginagawa ng mga mag-aaral habang nagpoprogreso sila sa Digital Technologies mula sa pagpasok sa paaralan hanggang sa katapusan ng Year 13.

Bilang halimbawa, kapag nag-aaral tungkol sa programming, natutukoy ng Progress Outcomes na una munang simulang natutunan ng mga estudyante ang mga kasanayang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga simpleng alituntunin, bilang halimbawa maaaring bigyan ng isang estudyante ang isa pang estudyante ng pangkat ng mga aksyon tulad ng pagkakasunud-sunod ng mga galaw na gagawin sa sahig. Pagkatapos, ipinaliliwanag ng Progress Outcomes kung paano nagpoprogreso ang pag-aaral na ito sa kalaunan, bilang halimbawa ang mga estudyante pagkatapos ay magkakaroon ng mga kakayahan kung paanong mag-develop ng software o mag-program ng mga robot.

Paano ka maaaring makatulong?

Suportahan ang iyong anak para matutunan ang lahat ng kaya nila tungkol sa bagong aralin na digital technologies. Tulungan ang iyong mga anak na maunawaan na binibigyan sila ng digital technologies ng mga kasangkapan; ngunit kailangan pa rin nilang malaman kung paanong sama-samang magtulungan, makipag-ugnayan, mamuno, gumawa ng mga desisyong wasto at magplano upang magtagumpay.

Hinihimok ka naming makipag-usap sa iyong paaralan o kura, o Board of Trustees tungkol sa kanilang mga plano sa pagpapatupad ng Digital Technologies & Hangarau Matihiko curriculum.

MINISTRY OF EDUCATION
TE TĀHUHU O TE MĀTAURANGA

education.govt.nz

New Zealand Government